

# UNAWAIN ANG SECTION 211 REPORTS

## ISANG PATNUBAY PARA SA MGA KABABAIHAN

Ang dokumentong ito ay para sa mga kababaihan na sinabihang kumuha ng isang “s. 211 report” (ito’y paminsan-minsan ding tinatawag na “custody at access report”). Maaring iniisip din ninyong magtanong sa isang huwes na mag-utos ng isang s. 211 report, o maaring humihingi nito ang inyong dating asawa, o maaring iniutos ito ng isang huwes kahit na kayo o ang inyong dating asawa ay hindi humingi nito. Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng ilang saligang impormasyon, pero hindi ito legal na payo. Kung maari, humingi ng tulong mula sa isang abogado.

### ANO ANG SECTION 211 REPORT?

Ang Section 211 ay iniutos sa mga maproblemang kaso ng family law kung saan hindi magkasunduan ang mga magulang tungkol sa mga bagay ukol sa parenting. Ang mga report ay isinusulat ng isang nyutral na propesyonal at ito’y nagbibigay sa mga huwes ng impormasyon tungkol sa mga bata at sa mga partido.

Alinsunod sa Section 211(1) ng *Family Law Act*:

*211(1) Ang isang korte ay maaring magtakda ng isang tao na mag-aaseso... sa isa o higit pa sa mga sumusunod:*

- (a) sa mga pangangailangan ng isang bata hinggil sa isang family law dispute [pagtutunggali];*
- (b) sa mga pananaw ng isang bata hinggil sa isang family law dispute;*
- (c) sa kakayahan at pagiging handa ng isang partido sa isang family law dispute na tuparin ang mga pangangailangan ng bata.*

Ang dokumentong ito ay hindi naglalaman ng legal na payo. Kung kayo o sino mang minamahalaga ninyo ay nangangailangan ng legal na payo, mangyaring kumonsulta sa isang abogado.



Sa pangkalahatan, ang s. 211 reports ay may dalawang kategoriya:

- Ang “**Views of the Child reports**” [**Mga Report tungkol sa Mga Pananaw ng Bata**] ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa sinasabi ng bata ukol sa kung kaninong magulang niya gusto tumira o kung sinong magulang ang gusto niyang makasama. Ang mga ito ay karaniwang maikli.
- Ang “**Full s. 211 reports**” [**Mga Kompletong Seksyon 211 report**] ay karaniwang mas mahaba at naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga pangangailangan at mga opinyon ng bata. Ito’y naglalaman din ng impormasyon tungkol sa mga magulang, at maaring mayroon itong impormasyon tungkol sa inyong tahanan at istilo ng parenting.

## SINO ANG MAARING MAGHANDA NG ISANG S. 211 REPORT?

Maraming iba’t-ibang mga tao ang maaring sumulat ng s. 211 reports. Maari nating hatiin ang mga “report writers” na ito sa dalawang pangunahing grupo:

- Ang **Family justice counsellors** ay mga empleyado ng province na nagtrabaho sa Family Justice Centres sa BC. Maari silang maghanda ng Views of the Child reports at kompletong s. 211 reports, at naglalaan din sila ng iba’t-ibang mga serbisyo tulad ng counselling para sa maikling panahon, legal na edukasyon, at mediation. Walang bayad para sa anuman sa kanilang mga serbisyo, bagama’t maaring kailangan kayo maghintay. Ang family justice counsellors ay kinakailangang magkompleto ng training tungkol sa karamihan sa tahanan, at hindi sila gumagamit ng psychological tests sa kanilang mga report.
- Ang **private assessors** ay ibang mga propesyonal (hal., social workers, psychologists, at clinical counsellors) na maari ring sumulat ng s. 211 reports. Kadalasan, ang mga report na inihahanda ng mga private assessor ay mas mahaba kaysa sa mga report na inihahanda ng family justice counsellors, at maaring may kasama itong psychological testing. Ang mga indibidwal na ito ay sumisingil para sa kanilang mga serbisyo, at maari ring kailangan kayo maghintay. Bagamat ang gastos ay mag-iiba-iba, depende sa assessor, asahan ninyong magbayad ng humigit-kumulang sa \$15,000 para sa isang kompletong s. 211 report. Ang gastos para dito ay maari ring mas mataas kung kukuha kayo ng pangalawang propesyonal na magre-review ng trabaho ng unang assessor, o kung kailangan ninyong papuntahin ang assessor sa hukuman upang siya’y tumestigo. Ang karamihan ng report writers ay may hiwalay na singil para magpunta sila sa hukuman. Kayo at ang inyong ex ang magbabayad para sa private assessors, o maari ninyong dalawa paghatiin ang gastos para sa report, depende sa kung ano ang iuutos ng huwes.

## PAG-UTOS NA MAGPAGAWA NG REPORT

Ang Section 211 reports ay dapat iutos ng isang huwes. Karaniwan ay medyo madaling hilingin ang isang huwes na mag-utos na magpagawa ng isang s. 211 report. Gayunan, oras na naghanda na ng isang report, malamang-na-malamang na susundin ng huwes ang mga rekomendasyon nito. Kung ang report ay hindi pabor sa inyo, mahirap na mahirap itong labanan.

Gayunman, bago kayo humingi na magpagawa ng report, o bago kayo sumang-ayon sa isang report, dapat ninyo isaalang-alang kung ang isang report ay talagang kinakailangan, o kung ang impormasyon na kailangan ninyo ibigay sa hukuman ay maaring ibigay sa ibang paraan.

Kung magpapagawa kayo ng s. 211 report sa isang **family justice counsellor**, hindi ninyo mapipili kung sino ang maghahanda ng report.

Kung magpapagawa kayo ng s. 211 report sa isang **private assessor**, mahalaga ang magtanong kayo o ang inyong abogado nang husto bago kayo sumang-ayon na magpagawa sa taong iyon.

## MGA MAHALAGANG KATANUNGAN KAPAG PUMIPILI NG ISANG ASSESSOR

### Nakaranas ba kayo ng karahasan sa pamilya?

Sa family law, kabilang sa mga salitang “karahasan sa pamilya” ang pisikal, emosyonal, sekswal, at pinansyal na abuso. Kung nakaranas kayo ng karahasan sa pamilya mula sa inyong ex, mainam na siguraduhin na ang taong maghahanda ng report ay may training at expertise sa karahasan sa pamilya. Sa maraming mga kaso kung saan may karahasan sa pamilya, naniniwala ang mga kababaihan na titingnan ng assessor kung may abuso, at gagawa siya ng mga rekomendasyon upang panatilihin ang mga babae at ang kanilang mga anak. Gayuman, ang karahasan sa pamilya ay kadalasang hindi papansinin ng mga assessor na walang special training dito, o kayo’y hindi tama ang magiging interpretasyon nila dito. Kahit na sumang-ayon ang assess na nagkaroon nga ng karahasan, maari pa ring irekomenda nila sa inyo na mag-share kayo ng parenting doon sa kabilang magulang.

### Kayo ba ay English Language Learner [Nag-aaral na Magsalita ng Wikang Ingles]?

Kung kayo ay English Language Learner, kahit na bihasa kayo sa Ingles, maari pa ring makatulong sa inyo kung magpapa-interpret at magpapa-translate kayo habang isinasagawa ang inyong assessment, upang masigurado na nauunawaan ninyo kung ano ang hinihiling sa inyo. Ang psychological tests na paminsan- minsang ginagamit ng private assessors ay “standardized” -- ibig sabihin ay pare-pareho ang test na kinukuha ng lahat. Ang test ay nakasulat sa Ingles at ito’y isinulat ng mga taong nagsasalita ng Ingles.

### Kayo ba ay Indigenous?

Maaring mahirap, bilang isang Indigenous na tao, na magpasulat ng s. 211 report tungkol sa inyo dahil ang mga assessor ay hindi nire-require na magkaroon ng kaalaman tungkol sa epekto ng kolonisasyon, o na magkompleto ng training tungkol sa kanilang mga sariling bias o systemic racism. Kung nagpapasulat kayo ng s. 211 report sa isang private assessor, mainam na magtanong kung mayroon siyang anumang ispesipikong training na makakatulong sa kanya na magtrabaho nang ligtas at nang may respeto sa mga Indigenous na tao.

Maaring mahirap, bilang isang Indigenous na tao, na magpasulat ng s. 211 report tungkol sa inyo.

### Kaya ba ninyong bayaran ang gastos para sa report?

Dapat din ninyo tanungin kung magkano ang report at kung sino ang magbabayad nito, at kung paano (hal., ang dati ba ninyong asawa ang magbabayad muna para sa report, at pagkatapos ba’y ibabalik ninyo sa kanya sa ibang panahon ang ginastos dito, o hiwalay ba kayong gagawa ng mga pagbabayad sa assessor?).

Kung kayo at ang inyong dating asawa ay hindi magkasunduan tungkol sa kung sinong private assessor ang kukunin, ang huwes ay maaring pumili para sa inyo.

## PAKIKIPAGTULUNGAN SA ASSESSOR


Kapag ang huwes ay nag-utos na magpagawa ng s. 211 report, bibigyan niya ng mga direksyon ang mga tagasulat ng report nang malaman nila kung ano ang isasama sa kanilang iniutos.

Kung kayo at ang inyong dating asawa ay nagha-hire ng isang private assessor, ang inyong mga abogado ay magpapadala rin ng joint agreement sa assessor, kung saan nakasulat ang saligang impormasyon tungkol sa inyong kaso, kung anu-ano ang mga problema sa parenting kung saan hindi kayo nagkakasundo, at anumang iba pang mga isyu na nais ng huwes na malaman. Kasama rin sa kasunduang ito ang mga dokumento at iba pang impormasyon na kailangan ninyo ibahagi, at kung paano gagawin ang mga pagbabayad. Ang kasunduan ay maari ring may kasamang mga patakaran, halimbawa, hindi makapagbibigay ang kahit sino sa mga magulang ng mga karagdagang dokumento sa assessor nang hindi muna sumasang-ayon ang kabilang magulang. Kung mayroon kayong abogado, bibigyan kayo ng inyong abogado ng payo tungkol dito.

Karaniwang rerebyuhin ng mga tagasulat ng report ang anumang mga dokumento tungkol sa inyong kaso, at maari ring humingi sila ng listahan ng iba pang mga tao o “mga collateral” na makapagsasalita tungkol sa inyong mga anak. Kung maaari, humingi ng payo mula sa isang abogado tungkol sa impormasyon at mga pangalan na kailangan ninyong ibigay sa tagasulat ng report.

## PAANO GAGAMITIN ANG S. 211 REPORTS SA HUKUMAN

Ang s. 211 reports ay hindi tulad ng ibang mga dokumento sa hukuman. Ang taong nagsusulat ng report ay pinahihintulatang magbigay sa huwes ng impormasyon tungkol sa mga katotohanan na sinasabi ninyo at ng inyong ex sa kanya, at maari rin niya ibigay ang kanyang opinyon tungkol sa mga katotohanang ito. Karaniwang malakas na nagtitiwala ang mga huwes sa mga sinasabi ng report. Kung hindi kayo sumasang-ayon sa isang bagay na sinasabi ng nagsulat ng report tungkol sa inyo, maaring kailangan ninyong hilingin sa nagsulat ng report na magpunta sa hukuman upang siyang tanungin (ma-cross-examine).



Ang s. 211 reports ay hindi tulad ng ibang mga dokumento sa hukuman. Ang taong nagsusulat ng report ay pinahihintulatang magbigay sa huwes ng impormasyon tungkol sa mga katotohanan na sinasabi ninyo at ng inyong ex sa kanya, at maari rin niya ibigay ang kanyang opinyon tungkol sa mga katotohanang ito.

## PAANO KAYO DAPAT MAGHANDA

Ito ang ilang mga bagay na dapat ninyo pag-isipan kapag naghahanda kayong makipagkita sa isang tagasulat ng report.

- **Aasesuhin ng tagasulat ng report ang inyong kakayahan at ang kakayahan ng kabilang magulang sa parenting** sa pamamagitan ng panonood sa inyong mga anak, pag-interview sa inyong mga anak, at pag-interview sa bawat magulang. Ang assessment ay karaniwang may kasamang bisita sa tahanan. Tatanungin kayo ng assessor tungkol sa inyong buhay. Ang anumang sasabihin ninyo ay maaring isama sa report, at ang report na ito ay ibibigay sa kabilang partido at sa huwes.
- **Ang tagasulat ng report ay hindi personal counsellor**, at hindi layunin ng meeting na tulungan kayong bumuti ang inyong pakiramdam; ang layunin nito ay ang kumuha ng impormasyon. Maaring naiiba ito sa ibang mga panahon na nakipagkita kayo sa isang counsellor.
- **Malamang na hihilingin kayo ng tagasulat ng report na pumirma sa isang pormularyo ng pahintulot**, at dapat niya ipaliwanag sa inyo kung ano ang ibig sabihin ng “informed consent” [“may-kaalamang pahintulot”]. Oras na nag-utos ang hukuman na magpagawa ng report, magkakaroon ng mga limitasyon sa inyong kakayahang hindi magbigay ng inyong pahintulot tungkol sa kung paano gagamitin ang impormasyon na ibibigay ninyo sa tagasulat ng report. Halimbawa, maaring ayaw ninyong ipasama sa report ang mga resulta ng inyong test, pero maisasama pa rin ito ng assessor dahil sa utos ng hukuman.
- **Subukang malaman kung gaano katagal makikipagkita sa inyo ang tagasulat ng report.** Sa ilang mga kaso, ang meeting ay maaring magtagal nang hanggang walong oras.
- **Magdala ng pagkain at tubig.** Maaring hindi kayo magkakaroon ng panahong makalabas upang mag-merienda, at maaring hindi kayo bigyan ng tubig o ng mga coffee break. Habang isinasagawa ang meeting, OK lang ang humingi ng mga break kapag kailangan ninyo ang mga ito. Kung hindi kayo pinahihintulutan ng tagasulat ng report na mag-break kapag kailangan ninyo ito, dapat ninyo sabihan ang inyong abogado, o dapat ninyong tandaan kung ano ang nangyari upang masabi ito kapag humingi kayo ng legal na payo. Sa ilang mga test, maaring hindi kayo pahintulutang lumabas para mag-break, kaya mainam na humingi ng maikling break bago ninyo simulan ang anumang testing upang kayo’y makainom, makapag-merienda, o makapunta sa CR.
- **Tratuhin nang propesyonal at nang may paggalang ang tagasulat ng report.** Magrereport ang tagasulat ng report tungkol sa inyong kilos at ang impormasyon na ito ay ibibigay sa hukuman. Tandaan na ang tagasulat ng report ay maaring kulang sa respeto, o hindi propesyonal sa inyo, at maari pa siyang magparinig tungkol sa inyong tahanan o itsura. Sa uulitin, kapag nangyari ito, sabihin sa inyong abogado, kung mayroon kayong abogado, o kaya’y isulat kung ano ang nangyari upang masabi ito kapag kumuha kayo ng legal na payo.
- **Kung ang tagasulat ng report ay isang private assessor, maaring hilingin ka niyang magkompleto ng mga psychological test**— ang mga ito ay karaniwang multiple choice at maaring ibigay ito sa computer, o kaya sa isang bubble sheet na susulatan ng lapis. Kung sa palagay ninyo’y may problema sa mga resulta ng test, maaring kailangan ninyo kumuha ng isa pang private assessor upang rebyuhin ang mga resulta dahil ang inyong mga sagot ay hindi ibibigay ng assessor sa inyong abogado o sa hukuman; ibibigay lamang nila ito sa ibang kwalipikadong assessor.

- **Ang mga tanong sa inyo ng tagasulat ng report ay maaring mga pangkalahatang tanong, at maaring open-ended.** Kung maaari, mag-focus sa kasalukuyang pangyayari na nasa harap ng hukuman. Paminsan-minsan ay maari kayong tanungin ng mga tagasulat ng report tungkol sa inyong personal na kasaysayan—kung ang tagasulat ng report ay may mga katanungan na walang kinalaman sa inyong kaso sa hukuman (hal., kung tinanong kayo ng assessor tungkol sa inyong mga nakalipas na romantikong relasyon), magbigay ng tapat pero maikling sagot.
- **Ang tagasulat ng report ay maaring magsama ng impormasyon sa report tungkol sa sinasabi ninyo tungkol sa kabilang magulang.** Kapag sinasabi ninyo ang inyong mga alalahanin, subukang magbigay ng mga ispesipikong halimbawa ng mga kilos na inaalala ninyo. Magsalita nang tapat, at iwasan ang mga paglalarawan tulad ng “lagi” at “hinding-hindi”; sa halip nito ay gamitin ang mga salitang “madalas” o “bihira.” Maliban kung ang kabilang partido ay pormal na nadiagnos ng mental illness, hindi kayo dapat magpalagay kung ang inyong dating asawa ay may mental illness, o maaring may diyagnosis nito. Kahit na ang inyong dating asawa ay maaring banggitin nang pormal sa legal na sistema (tulad ng “opposing party” o “respondent”), karaniwang pinakamainam na gamitin ang kanyang pangalan sa assessment.
- **Maari rin kayo kausapin ng tagasulat ng report tungkol sa inyong mga anak.** Subukang pag-isipan ito nang husto at magbigay ng detalyadong sagot. Mainam na ipakitang nauunawaan ninyo na ang mga indibidwal na pangangailangan ng mga bata ay hiwalay sa mga kagustuhan ninyo o ng kabilang magulang. Kung mayroon kayong anumang mga alalahanin tungkol sa mga bata, subukang sabihin nang eksakto at nang wasto kung ano ang mga ito, lalo na kapag inilalarawan kung ano ang ginawa o sinabi ng isang bata.
- **Kung nakaranas kayo ng karahasan,** mahalagang talakayin kung ano ang nangyari, kung ano ang epekto nito sa inyo, at kung mayroon pa kayong mga alalahanin sa kaligtasan. Huwag ibale-wala ang inyong naging naranasang karahasan dahil ito’y mahalagang impormasyon na dapat isaalang-alang ng hukuman. Gayunman, dapat ninyo malaman na ang ilang mga assessor ay maaring walang training sa pag-unawa sa karahasan, at maaring maramdaman ninyo na hindi sila matulungin, o na hindi sila naniniwala sa inyo.
- **Pagkatapos ng inyong appointment, dapat ninyo isulat sa lalong madaling panahon kung ano ang nangyari,** at kung ano ang sinabi. Isama ang anumang mga alalahanin na mayroon kayo. Ang mga kasulatang ito ay maaring makatulong sa inyo at sa inyong abogado na maghanda para sa hukuman kung ang assessor ay nagkamali tungkol sa impormasyon na ibinigay ninyo nang isinulat niya ang kanyang report.
- **Maaring napaka-stressful na makipagkita sa isang tagasulat ng report.** Kung maaari, magplanong makipagkita, pagkatapos ng assessment, sa isang kaibigan, counsellor, o iba pang taong magbibigay sa iyo ng suporta.



## ANO ANG MANGYAYARI KAPAG HINDI MAKATARUNGAN O HINDI WASTO ANG S. 211 REPORT

Ang Section 211 reports ay kadalasang mahirap talunin sa hukuman. Pero posible itong gawin.

Kung ang report ay naglalaman ng mga 'di-wastong impormasyon, dapat ninyo ito sabihin sa hukuman kapag ibinibigay ninyo ang inyong sariling testigo, o kaya'y magtawag ng isang testigo na makapagsasabi na ang mga katotohanan sa report ay mali. Kung mali ang konklusyon ng tagasulat ng report mula sa mga sinabi ninyo sa kanya, maaring kailangan ninyo ipaliwanag sa huwes kung bakit mali ang tagasulat ng report. Halimbawa, kung ayaw bumaba ng sasakyan ang inyong anak kapag bibisita siya sa inyong dating asawa, maaring sabihin ng tagasulat ng report na sinasabi ninyo sa inyong anak na huwag gumugol ng panahon kasama ng kabilang magulang, pero maari ninyong ipaliwanag na ang bata ay takot sa kabilang magulang, at kung bakit.

Kung may mga problema sa s. 211 report, kabilang ang anumang mga psychological test na isinagawa, maaring kailangan ninyo o ng inyong abogado tawagin ang tagasulat ng report na maging saksi, at tanungin siya (ito'y tinatawag na "cross-examination"). Kung kayo'y nakikipagtulungan sa isang private assessor, kailangan kayo magbayad nang extra upang papuntahin siya sa korte. Maari ring kailangan ninyo magbayad para sa iba pang private assessor upang rebyuhin ang mga resulta ng inyong test at upang tulungan ang inyong abogado na maghanda.

Bagama't pinahihintulutan kayong i-cross-examine ang assessor kung kayo ang nagre-represent o kumakatawan sa inyong sarili, dapat ninyo tandaan na ito'y napakahirap gawin, at kung maaari, dapat ninyo subukang kumuha ng tulong mula sa isang abogado, kahit na ito'y para lamang sa bahaging ito ng trial o paglilitis.

Maari kayong magreklamo tungkol sa mga private assessor sa kanilang governing bodies (mga lupong tapamahala) kung sa palagay ninyo'y hindi sila propesyonal. Ang governing bodies ay ang BC College of Social Workers, ang BC Association of Clinical Counsellors, at ang College of Psychologists of BC — ang propesyonal na tagapamahala ng tagasulat ng inyong report ay nakasulat sa kanilang report. Hindi malamang na maaapektohan ng mga reklamong ito ang inyong kaso sa korte, pero maaring makaapekto ito sa mga pangyayari sa inyong pamilya sa darating na panahon; mayroon din silang tungkulin sa pagprotekta sa publiko.

Kung sa palagay ninyo'y nagdiskrimina ang tagasulat ng report sa inyo sa inyong s. 211 report (halimbawa, hindi maganda ang pagtrato sa inyo dahil sa inyong kasarian o lahi), maaring mainam na magreklamo sa BC Human Rights Tribunal. Dapat kayo magreklamo sa loob ng isang taon matapos mangyari ang diskriminasyon.

Bagama't pinahihintulutan kayong mag-cross-examine sa assessor kung kayo ang nagre-represent o kumakatawan sa inyong sarili, dapat ninyo malaman na ito'y napakahirap gawin, at kung maaari, dapat ninyo subukang kumuha ng tulong mula sa isang abogado, kahit na ito'y para lamang sa bahaging ito ng trial o paglilitis.

Daan-daang mga kababaihan ang nakaranas ng inyong nararanasan, at maraming mga taong makakatulong sa inyo sa mahirap na panahong ito.

## TUNGKOL SA DARATING NA PANAHO

Maaring mayroon o wala kayong choice hinggil sa pagpapagawa ng isang s. 211 report, o maaring mayroon kayong report na hindi makatwiran o hindi pabor sa inyo; tandaan lamang na ito'y isang report lamang.

Hinihikayat namin kayong humingi ng suporta sa inyong komunidad. Maghanap ng mga grupo para sa single parents, makipagkonekta sa ibang mga magulang online, o makipagkonekta sa inyong local women's centre o transition house upang malaman kung paano makakuha ng tulong sa inyong komunidad. Tumawag sa BC211 sa pamamagitan ng pag-dial sa "211" mula sa anumang telepono sa BC upang makakonekta sa mga serbisyong malapit sa inyo. Ang proseso ng family court ay maaring maging malungkot, at maaring maramdaman ninyo na walang nakakaintindi sa kung ano ang nararanasan ninyo, pero daan-daang mga kababaihan ang nakaranas ng inyong nararanasan, at maraming mga taong makakatulong sa inyo sa mahirap na panahong ito.



Ang aming opisina ay nasa unceded territory ng Skwxwu7mesh (Squamish), Tsleil-Waututh (Burrard), at xʷməθkʷəy̓əm (Musqueam) Nations.

516 Richards St, Vancouver, BC V6B 3A2  
236-317-9000 | intake@womenslegalcentre.ca  
[womenslegalcentre.ca](http://womenslegalcentre.ca)

Ang patnubay na ito ay naisagawa sa kagandahang-loob ng Women and Gender Equality Canada.



Isinulat ni Haley Hrymak at Kim Hawkins | December 2020 [Filipino]

Maraming salamat sa mga tauhan ng Rise at sa volunteers, at sa lahat ng mga taong nagbahagi ng kanilang mga karanasan at kaalaman. Isinalin sa ibang wika ng MOSAIC. Graphic design ni Nadene Rehnby.

Ang mga retrato ay kinuha ni Melody Charlie, isang Indigenous photographer na ipinanganak at lumaki sa Ahousesat; buong karangalan niyang tinatawag na tahanan ang Nuuchah-nulth. [melodycharlie.com](http://melodycharlie.com)

Ang dokumentong ito ay hindi naglalaman ng legal na payo. Kung kayo o sino mang minamahalaga ninyo ay nangangailangan ng legal na payo, mangyaring kumonsulta sa isang abogado.